Republic of the Philippines
Department of Education
REGIONAL OFFICE NO. VIII (EASTERN VISAYAS)
Government Center, Candahug, Palo, Leyte

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 191 **s. 2017**

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Para sa: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Batay sa Memorandum Pangkagawaran Bilang 58, s. 2017 ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan Ng Wikang Pambansa sa ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto, 2017 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema sa pagdiriwang sa taong ito, **Filipino : Wikang Mapagbago.**

2. Inaatasan ang bawat paaralan na magsidaos ng mga gawaing magpapasigla sa pagpapahalaga sa Wikang Filipino at gawaing patnubay ang lingguhang paksa. Ang lahat ng mga kawani ng DepEd, gayundin ang mga mag-aaral sa lahat ng antas ay hinihimok na magsuot ng "Kasuotang Filipino" tuwing araw ng Lunes sa buong buwan ng Agosto.

3. Ang bawat paaralan ay binibigyan ng kalayaan na pumili ng mga gawain sa mga batayan na nakatalang gawin sa loob ng buwang ito para sa mga mag-aaral mula sa K to 12 ; **pagpapayaman ng talasalitaan, pagbasa na may pang-unawa ,pagsagot sa isang palaisipan, pagbigkas ng tula, paggawa ng poster,pagsulat ng sanaysay,pag awit ng mga katutubong awit,pagsulat ng photo essay,deklamasyon, interpretatibong pagbasa,talumpati, at informans.**

4. Hinihiling na ang bawat Sangay na magsumite ng Pasalaysay na Pag-uulat pagkatapos ng pagdiriwang sa Curriculum Learning and Management Division (CLMD), DepEd RO8 mula sa Setyembre 1-10, 2017.

4. Para sa karagdagang detalye, tingnan lang ang nakalakip na dokumento.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMIR B. UYTICO, Ed.D.,CESO IV
OIC-Regional Director

Enclosure: Wala
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017

BUWAN FILIPINO WIKA

Republic of the Philippines
Department of Education

DEPARTMENT OF EDUCATION
REGION VIII, EASTERN
RECEIVED
03-22-17
Date / Tracking No.
Signature

20 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwan.g pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyong sa Wikang Filipino
   Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
   San Miguel, Maynila
   Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
   Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
   Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ATTY. ALBERTO T. MUYOT
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

ORD Rec'd
3-22-17
9:10 a.m.

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017